**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 12, 63-74




# Filipino sa ilalim ng banyagang tinig: Paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino

Cinco, Stephen P. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (prongotpain@gmail.com)*

**Received**: 29 April 2026 **Revised**: 12 May 2026 **Accepted**: 13 May 2026
**Available Online**: 14 May 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26194

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

## *Abstract*

Ang mga kabataan sa kasalukuyang panahon ay medyo nahihirapan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino lalo na ang mga mag-aaral sa isang pribadong paaralan na ang wikang ginagamit ay Ingles. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga hamon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, Anong paraan ang gingamit sa pagkatuto sa asignatura, at ano ang mga mungkahi ng mga mag-aaral sa lubusang pagkatuto ng asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng pamaraang Descriptive Qualitative Approach. Lumabas sa pagsusuri na ang ma hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang matandaan ang mga kahulugan ng mga salita, lalim ng salita, bilis ng pagtalakay, at ang nahihirapan sa pagsasalita. Ang mga naging epekto naman nito ay ang pagbaba ng marka, kawalan ng kompyansa sa sarili, nahihirapan sa pagsasagot, at wala masyadong epekto. Lumabas din sa pagsususri na ang mga paraan ng pagkatuto ay ang pagninilay at pagtatanon, patala ng mga bagong salita, paggamit ng internet at aklat, pagsali sa mga gawain at pagbibigay ng halimbawa ng guro. habang ang mga mungkahi naman ay ang pagbabasa ng mga aklat, mga akademikong laro, mga dula-dulaan at ang mas maraming gawain at pagsasanay. Bilang rekomendasyon palawakin pa ang pagsusuri tungkol sa mga hamon ng pagkatuto, pagbibigay ng ideya para sa panibagong ideya ng pagkatuto, at ang pakiggan ang mga mungkahi ng mga kalahok sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

***Keywords:*** hamon, paraan, asignaturang Filipino

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

## Filipino sa ilalim ng banyagang tinig: Paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino

### 1. INTORDUKSYON

Ang Filipino ay isa sa mga pangunahing asignaturang itinuturo sa iba't ibang antas ng edukasyon sa bansa. Mula sa elementarya, sekundarya, hanggang sa tersiyarya, ito ay nananatiling mahalagang bahagi ng kurikulum (Truya, 2020). Alinsunod sa K-12 Basic Education Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang sa mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo at mapanuring pag-iisip, gayundin ang pagpapahalagang pampanitikan. Sa pamamagitan nito, inaasahang mahuhubog ang kanilang kakayahang umunawa, magpahayag, at magpahalaga sa sariling wika at panitikan.

Sa kontekstong ito, mahalagang bigyang-diin ang papel ng guro bilang pangunahing tagapagpadaloy ng pagkatuto. Ang mga guro ay hindi lamang tagapagturo ng kaalaman, kundi nagsisilbi ring modelo at tagahubog ng pag-uugali, pagpapahalaga, at personalidad ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng epektibong estratehiya sa pagtuturo at makabuluhang interaksyon sa loob ng silid-aralan, natutulungan nila ang mga mag-aaral na makamit ang kanilang mga mithiin at mapaunlad ang kanilang kabuuang kakayahan. Ilan sa mga makabagong henerasyon ngayon ay nakakalimutan na ang sarili nating pagkakakilanlan. Isa sa mga halimbawa nito ay asignaturang Filipino bagama't sarili itong atin marami sa mga Pilipino ang nahihirapan matutunan ang nilalaman ng asignaturang Filipino lalo na ang mga mag-aaral mula sa isang pribadong paaralan na ang kinagisnang wika ay Ingles at ito rin ang ginagamit na salita sa pakikipag-usap sa loob ng paaralan. Nahihirapang matutunan ng mga mag-aaral ang asignaturang ito dahil sa wikang ginagamit sa pagtuturo at pagkatuto dahil sa tinatawag na *Language barrier*.

Ang pag-aaral naman nina Ruiz at Alcantara (2024), na may layuning malaman ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa baitang 9 gamit ang anotasyon, ano naman ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa baitang 9 na gumagamit ng *multimedia annotation* at kung mayroong pagkakaiba sa antas bokabularyo ng mga mag-aaral sa baitang 9 na gumagamit ng multimedia at papel anotasyon. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makita ang mga suliraning kikaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto asignaturang Filipino sa isang pribadong paaralan na ang midyum na wika ay Ingles. Susuriin ng mananaliksik kung ano-ano ang mga suliranin at kung anong paraan ang ginamit ng mga mag-aaral sa pagkatuto at anong paraan naman ng pagtuturo asignaturang Filipino tulad sa pag-aaral nina Jimenez et al, (2025) na nakapokus sa ugnayan sa pagitan ng propayl ng mga mag-aaral at ng kanilang estilo ng pagkatuto; at ugnayan ng estilo ng pagkatuto at akademikong performans ng mga mag-aaral.

Ang mga naunang pananaliksik ay magsisilbing gabay sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa halos magkatulad ang mga baryabol na ginagamit tulad ng mga mag-aaral at ang asignaturang Filipino ang kaibahan lamang ng pag-aaral, ito ay nakapokus lamang sa mga hamon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino at ang mga paraang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagkatuto at ang mungkahi para sa lubusang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nakapokus din sa paraan ng pagkatuto, hamon at mungkahi ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. ang pagkakaiba nito sa mga naunang pag-aaral. Kung sap ag-aaral nina Ruiz at Alcantara ay naka pokus sa ika-9 na baitang ang pag-aaral na ito naman ay naka pokus sa ika-6 na baitang sa isang pribadong paaralan.

***Layunin Ng Pag-Aaral -*** Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mg hamon at makuha ang kanilang mga mungkai patungkol sa pagkatuto sa asignaturang Filipino, ang mga sumusunod na katanungan na magsisilbing gabay na layunin;

- Anong hamon sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino?
- Anong paraan ang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino?

- Anong mungkahi ng mga mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng asignaturang Filipino?

***Saligang Teoritikal -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paraan at hakbang sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na nakabatay sa ilang mahalagang teorya sa edukasyon. Isa sa mga pangunahing teorya ay ang *Teoryang Constructivism ni Jean Piaget*, na nagsasaad na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan an mga mag-aaral ay bumubuo ng sariling kalaaman batay sa kanilang karanasan. Sa ganitong pananaw ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng impormasyon, kundi aktibong nakikilahok sa pagbuo ng kahulugan, na nagreresulta sa mas malawak na pag-unawa sa bawat paksa. Ayon pa kay Yangiling (2024), na ang Konstruktubismo ay mahalaga sa para sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral upang madaling maunawan at malaman ang kabuoang paksa.

Ang teoryang *Social Constructivism* naman ni *Lev Vygotsky*, ay nabibigay diin sa papel ng interaksyong panlipunan sa pagkatuto. Ayon sa teoryang ito ang pagkatuto ay higit na napauunlad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa kanilang kapwa at maging sa kanilang guro. Ayon pa kay Mercadal (2024), ang *Social Constructivism* ay isang balangkas teoretikal sa larangan ng agham panlipunan na tumatalakay kung paano nabubuo ang kaalaman, identidad, at realidad sa pamamagitan ng mga interaksiyong panlipunan at kontekstong kultural. Ipinapalagay nito na ang mga penomenang panlipunan na karaniwang itinuturing na likás ay, sa katunayan, mga produktong hinuhubog ng kultura at lipunan, na patuloy na nagbabago at umuunlad sa paglipas ng panahon.

Ang mga teoryang ito ay magiging gabay sa pag-aaral upang matukoy ang pagkatuto at kung ano ang paraang ginagamit ng mga mag-aaral upang maunawaan ang paksang pinag-aaralan. Gamit ang Teoryang *Constructivism at Social Constructivism* bilang gabay sa pag-aaral. Bibigyang tugon ng teoryang *Constructivism* ang mga karanasang kanilang naranasan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, kung sa anong paraan nila natutunan ang bawat paksa, habang ang Social Constructivism naman ay bibigyang tugon ang mga naging katuwang ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

***Kahalagahan Ng Pag-Aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral maging sa mga guro. mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral na nahihirapang matuto sa asignaturang Filipino makikita sa pag-aaral na ito ang mga paraang ginamit ng mga kalahok upang mapadaling matutunan ang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Mahalaga rin ito sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino bilang gabay kung sa anong paraan madaling maunawaan ng mga mag-aaral na ang wikang Ingles ang ginagamit sa pagkatuto. Magagamit ang magiging resulta ng pag-aaral na ito sa mabilasan at madaling paraan ng pagkatuto sa asignaturang Filipino.

***Saklaw At Limitasyon -*** Saklaw ng pag-aaral na ito na malaman ang mga hamon, paraan na ginamit at mungkahi ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng asignaturang Filipino. Nalilimitahan naman ng pag-aaral na ito ang mga naging mismong hamon at paraan ng pagkatuto sa asignaturang Filipino na naranasan ng mga mag-aaral sa Tacloban Angelicum Learning Center na nasa ika-6 na baitang.

## 2. Metodolohiya

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik kabilang ang desinyo ng pag-aaral, kaligiran ng pag-aaral, at paraan ng pangngalap ng datos.

***Disenyo Ng Pag-Aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng pamaraang *Descriptive Qualitative Approach*. Ang *Descriptive Qualitative Approach* ay isang metolohikal na dulog na naglalayong mabigyan ng masinsinan, malinaw, at tuwirang paglalarawan ang isang karanasan, pangyayari, o phenomenon habang ito ay likas na nagaganap. Layunin din nitong maglahad ng malinaw at makatotohanang buod ng mga datos gamit ang pang-araw-araw na wika (Ayton, 2024). Ang disenyo at pamamaraang ito ay naangkop sa pag-aaral na isinagawa dahil ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman o ang mga hamon, paraan ng pagkatuto at mungkahi ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

***Instrumento Ng Pananaliksik -*** Upang makalikom ng sapat at makabuluhang datos, ginamit ng mga

mananaliksik ang isang *semi-structured interview guide* bilang gabay sa pagsasagawa ng panayam sa mga kalahok. Sa pamamagitan nito gagamitin ng mananaliksik bilang gabay sa pangangalap ng datos na may koneksyon sa mga hamon, paraan g pagkatuto at ang mga mungkahi sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ginamit din ang *field notes* upang maitala ang mahahalagang pahayag, kilos, reaksyon, at iba pang obserbasyon na lumitaw sa panahon ng panayam at interaksyon sa komunidad. Kalakip nito, gumamit ang mga mananaliksik ng audio recorder at mobile documentation upang matiyak ang katumpakan ng mga sagot ng mga kalahok, makakuha ng mga larawan ng mga kagamitan, at maging malinaw at maayos ang transkripsyon ng mga panayam.

***Pagpili ng Kalahok -*** Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa Tacloban Angelicum Learning Center na na sa ika anim na baitang. Tinatayang lima hanggang sampong mag-aaral pinili sa pamamagitan ng *Convenient Sampling* sapagkat natamo na ang *data saturation*. Ayon kay Nikolopoulou (2023) ang *Convenience Sampling* ay isang uri ng *non-probability sampling* kung saan ang mga kalahok ay pinipili batay sa kanilang kadalian sa paglapit o pag-access ng mananaliksik. Maaaring ito ay dahil sa kanilang lokasyong heograpikal na malapit, pagiging available sa takdang oras, o kahandaang makilahok sa pananaliksik. Tinatawag din itong *accidental sampling*, at ito ay kabilang sa mga paraang *non-random sampling* dahil hindi gumagamit ng sapalarang pagpili ng mga kalahok. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Tacloban Angelicum Learning Center na kung saan ang mga mag-aaral dito ay mas madaling maintindihan at matutunan ang mga asignaturang gumagamit ng wikang Ingles at nahihirapan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

***Paraan Ng Pangangalap Ng Datos -*** Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng magkakaugnay na hakbang. Sa pagsisimula ng pangangalap ng datos, ibinigay ang *consent form* sa bawat kalahok upang humingi ng pormal na pahintulot sa panayam, gayundin ang pagkuha ng larawan at *audio-recorder* bilang bahagi ng pag-iimbak ng datos. Pagkatapos nito, isinagawa ang *semi-structured interviews* sa paraan ng *pakikipagkuwentuhan at pagtatanong-tanong* sa mga napiling kalahok. Ang *pakikipagkuwentuhan* ay isang palitang-salaysay na nakabatay sa tiwala, pagkakapantay, at pakikipagkapwa." (Enriquez, 1992). "Ang *pagtatanong-tanong* ay hindi lamang pagkuha ng impormasyon kundi isang proseso ng pakikipag-ugnayan na ginagabayan ng pakiramdam at pakikipagkapwa." (Enriquez, 1992).

***Pagsusuri Ng Datos -*** Pagkatapos ng pangangalap ng datos, isinailalim sa isang masusing transkripsyon ng mga panayam upang malinaw at maayos na ma-proseso ang bawat pahayag ng kalahok. Sinundan ito ng coding at *thematic analysis*. Ayon kina Ahmed et al, (2025) Ang Thematic Analysis ay isang pamamaraang kwalitatibo sa pananaliksik na ginagamit upang tukuyin, suriin, at bigyang-kahulugan ang mga *pattern* o tema ng kahulugan na lumilitaw sa loob ng datos. Angkop ang pamamaraan na ito upang malalimang masuri at mailarawan ang mga pahayag ng mga kalahok kaugnay sa mga naging hamon, paraan ng pagkatuto at ang mga mungkahi ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

## 3. Resulta at diskusyon

Ang bahaging ito, ay naglalaman ng mga resulta na nakuha mula sa pagtitipon at pagsusuri ng datos. Inilahad ang mga natuklasang datos batay sa mga kasagutan ng mga mag-aaral mula sa ika anim na baitang tungkol sa pagkatuto ng sa asignaturang Filipino, makikita dito ang mga hamon, paraan na ginagamit ng mga mag-aaral at mga mungkahi sa lubusang pagkatuto ng asignaturang Filipino. Makikita ang mga lumitaw mula sa pagsusuri at obserbasyon gamit ang iba't ibang metodo o pamamaraan. Kasunod nito ay ang pagpapaliwanag ng interpretasyon ng mga datos batay sa layuning ng pag-aaral.

***Mga hamon sa Pagkatuto ng Filipino -*** Makikita rito ang iba't ibang hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral upang matuto sa asignaturang Filipino. Ang sumusunod na mga talahanayan ay bahagi ng naging resulta mula sa mga datos na nakuha sa pakikipanayam

Makikita sa talahanayan 1.1. ang mga kahirapan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. ito ay kinabibilangan ng kahirapang matandaan ang kahulugan ng mga salita. hinid lingid sa ating kaalaman na sa panahon ngayon ang mga bata ay nahihirapan ng intindihin ang sarili nating wika, sapagkat maoobserbahan natin

na kalimitang ginagamit ng mga bata ngayon ay gumagamit ng wikang Ingles, lalo na kung ang mga bata ay nag-aaral sa isang pribadong paaralan na ang wika ay Ingles. Ang kahirapang pag-intindi ay isa sa mga kahirapang kinakaharap ng mga mag-aaral katulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

> *"Nahihirapan ako minsang tandaan yung mga terms na ginagamit sap ag-identify sa sentence na ginagamit sa pagtatalakay."* -kalahok 6-

**Talahanayan 1.1.**
*Kahirapan sa pag-unawa ng mga aralin sa Filipino*

| Mga Kahirapan | Mga Tugon | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Matandaan ang mga Kahulugan ng mga salita. | "Sometimes it's hard to memorize the term that we use to identify what kind of sentence is it."<br>*- Kalahok 1*<br><br>"Minsan nahihirapan akong tandan ang mga salita pa ma identify kung ano ang ibig sabihin"<br>*- Kalahok 5*<br><br>"It is sometimes hard for me to remember the words"<br>*- Kalahok 8* | Ang kahirapan sa pag-intindi ng mga salita ay ang siyang pinakamahalagang parte ng pagkatuto sapagkat ito ang pangunahing hakbang upang madaling matutunan ang bawat pinapaksa sa isang aralin. Dahil mahirap intindihin ang mga salita ito ang nagiging rason ng mga mag-aaral upang mahirapan din sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. |
| Lalim ng salita | "Nahihirapan ako kapag malalim na salita ang ginagamit ng aming teacher.<br>*- Kalahok 2* | Isa sa mga nagpapahirap sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ang paggamit ng malalalim na salita ng kanilang guro na hindi maintindihan ng mga mag-aaral. |
| Bilis ng pagtatalakay | "Nalilito rin ako kapag mabilis ang discussion."<br>*- Kalahok 2* | Ang mabilis na pagtuturo ay siya ring dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aral na matutunan ang asignaturang Filipino. |
| Nahihirapan sa pagsasalita | "One of the factors that affect my learning is the difficulty to pronounce some words"<br>*- Kalahok 1*<br>"Nahihirapan akong magsalita ng Filipino.<br>*- Kalahok 2*<br>"Nakakaapekto sa aking pagkatuto ang kakulanagan ko sa bokabularyo at hirap ako sa pagbigkas ng mga salita."<br>*- Kalahok 3* | Isa rin sa mga hamon ng mga mag-aaral ang pagsasalita ng tuwid sa Filipino, naihirapan an mga mag-aaral na gamitin ang mga salitang Filipino sa kanilang asignatura sa kadahilanang hindi nila maintindihan ang isang salita. |

Nabanggit ng mga mag-aaral ang kahirapang matandaan ng kahulugan ng isang salita dahil ito ang nagiging rason ng kahirapan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Olarte et al., (2025) na ang kahirapan sa wikang Filipino ay hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral na nagiging sanhi ng kakulangan ng ideya sa o pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang kahirapang intindihin ang mga salita ay isa sa mga nagpapahirap o isa sa mga hamon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

Narito rin ang lalim ng mga salita na ginagamit ng guro sa pagtuturo, isa rin sa nagpapahirap sa pagkatuto ay ang lalim ng mga salitang gingamit ng guro, dahil sa napakalalim na termino ay hindi na maintindihan o maunawaan ng mga mag-aaral ang ibig sabihin ng salita. Katulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

> *"Nahihirapan ako kapag malalim na salita ang ginagamit ng aming teacher."* -kalahok 2-

Sa pagtuturo ng Filipino ay hindi dapat gumamit ng mga salita na indi naiintindihan, bilang guro kailangang gumamit ng mga salitang madaling maunawaan ng mag mag-aaral. Sa inilathala nina Imperial at Ong (2021), ang mahihirap na salita *o Lexical Complexity* ay may direktang epekto pag-unawa at readability ng mga teksto sa mga bata. Makikita sa kanilang pag-aaral ang mga maaring maging epekto ng paggamit ng mga malalalim na salita sa pagtuturo sa mga bata.

Makikita rin sa talahanayan 1.1 ang bilis ng pagtatalakay, sa pagtuturo hindi kaialanagang mabilis sa pagtatalakay ng paksa, sapagkat ito ay maaring maging rason sa hindi pagkaintindi ng mga mag-aaral sa paksang tinatalakay. Kinakailangan naayon lamang sa standard ng mga mag-aaral ang bilis ng pagtuturo sa lalo sa asignaturang Filipino, katulad na lamang sa nabanggit ng isang kalahok;

*"Nalilito rin ako kapag mabilis ang pagtuturo ng aming teacher sa discussion"* -kalahok 2-

Isa sa mga dapat gawin sa pagkatuto ay ang lubusang pag-intindi sa paksa, hindi kailanagng bilisan ang paraan ng pagtuturo kung hindi ito nahahabol ng mga mag-aaral at naidadagdag sa kanilang pagkatuto. Nabanggit nina Prichett at Beatty (2015), kapag masyadong mabilis ang pacing ng pagtuturo, nagkakaroon ng mababang antas ng pagkatuto at maraming estudyante ang naiiwan. Kapag mabilis ang pagtuturo marami ang hindi nakakahabol lalo na sa asignaturang Filipino na isa sa mga nahihirapang asignatura ng mga mag-aaral sa pribadong paaraln.

At ang huli makikita rin sa talahanayan 1.1 ang nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Hindi na ito bago sa panahon ngayon sapagkat maraming kabataan ang nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino dahil na mismo sa mga makabagong palataporma tulad ng youtube, facebook at iba pa kaya nahihirapan na ang mga kabataan ngayaon na masalita ng wikang Filipino. Katulad na lamang sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

*"One of the factors that affect my learning is the difficulty to pronounce some words"*-kalahok 1-

Ang wikang Ingles ang modyul ng mga nasabing plataporma na siya namang ginagaya ng mga bata, dahil sa halos araw-araw na panunood ng mga ito nasasanay na ang mga ito sa paggamit ng Ingles. Nabanggit sa pag-aaral nina Umrah et al, (2025), na gingamit ng mga estudyante ang social media platform tulad ng youtube, facebook at tiktok upang mapahusay ang kanilang wikang Ingles, kabilang ang pagsasalita at bokabularyo, dahil sa patuloy na paggamit sa wikang Ingles.

**Talahanayan 1.2**
*Epekto ng mga hamon sa pagkatuto*

| Mga Epekto | Mga Tugon | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Pagbaba ng marka | "Bumababa ang grades ko sa mga quiz"<br>*- Kalahok 2* | Isa mga epekto nito ay ang pagbaba ng marka na isa sa mga hamon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral, Ito ang nagiging resulta sa mga kahirapng kinaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. |
| Kawalan ng kompyansa sa sarili | "Nawawalan ako ng confidence na sumagot sa klase"<br>*- Kalahok 6* | Nawawalan ng kompyansa sa sarili ang mga mag-aaral dahil sa mga hamon na kinakaharap sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. |
| Nahihirapan sa pagsagot sa recitation | "Dahil dito, nahihirapan akong sumagot sa recitation at ipaiwanag ang aking sagot."<br>*- Kalahok 3* | Nawawalan ng lakas ng loob ang mga mag-aaral na sumagot sa recitation sa kadahilanang nahihirapan sila sa mga hamon ng pagkatuto ng asignaturang Filipino. |
| Wala masyadong epekto | "It doesn't really affect my performance because I can always ask my teacher or I could use search engine to help me"<br>*- Kalahok 1*<br><br>"hindi naman masyadong naapektuhan yung performance ko kasi pwede akong magtanong sa teacher."<br>*- Kalahok 5* | Hindi masyadong naapektuhan ang performance dahil ang mga mag-aaral ay malayang natatanong sa kanilang mga guro at gumagamit sila ng iba't ibang palataporma sa media na ginagamit upang makuha ang ibig-sabihin ng paksang gusto nilang matutunan. |

Makikita sa sa talahanayan 1.2 na ang mga epekto sa mga hamon ay kinabibilangan ng pagbaba ng marka, na kung saan isa sa mga magiging resulta sa mga kinakaharap na hamon ng mga mag-aaral. Ang pagbaba ng marka ay ang resulta ng mga hamon ng mga mag-aaral katulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok na;

*"Bumababa ang grades ko sa quiz at nawawalan ako ng confidence na sumagot"* -kalahok 2-

Ang pagbaba ng marka ay labis na nakaaapekto sa mga mag-aaral isa sa mga dahilan ng pagbaba nito ay ang kahirapang matuto sa paksang tinalakay ng guro sa asignaturang Filipino lalo na sa isang pribadong paaralan na ang wikang ginagamit ay Ingles. Sa pag-aaral nina Ruiz at Alacntara (2024), lumabas sa pag-aaral na ang paggamit ng mga tekso at multimedia platform ay nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nagbibigay sa mga mag-aaral ng ideya upang masmadalin matutong gumamit sa pagsasalita.Makikita sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang gawi o paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral upang madaling matutunan ang kanilang paksa at hindi bumaba ang kanilang mga marka.

Makikita rin sa talahanayan 1.2 na isa rin sa mga epekto nito ay ang hindi pagsali ng mga mag-aaral sa mga gawain at nahihirapan sa pag-*recite*. Dahil sa hindi maunawan ng mga mag-aaral ang paksa, hindi nalamang nakikilahok ang ilan sa mga mag-aaral sa gawain sa klase tulad sa sinabi ng ilan sa mga kalahok;

*"Nawawalan ako ng confidence na sumagot sa klase"*-kalahok 6-

*"Dahil dito, nahihirapan akong sumagot sa recitation at ipaiwanag ang aking sagot."*-kalahok 3-

Ang pagkawala ng lakas ng loob sa pagsagot sa klase ay epekto ng hindi gaanong pagkaunawa sa paksang tinalakay. Nabanggit sa pag-aaral ni Inocente (2024), na hindi kayang ilabas o ihayag ang naiisip ng mga mag-aaral ang isang rason na kung bakit hindi nagrerecite ang mga mag-aaral. Lumabas din na na ang pagkawala ng lakas ng loob na ihayag ang kanilang saloobin o ideya at ang hindi alam ang wikang ginagamit o kahulugan nito sa asignaturang pinag-aaralan. Makikita sa pag-aaral na ang rason ng pagkawala ng lakas na loob na sumali sa gawain ay ang hindi masyadong ideya sa paksa o nahihiya dahil sa kanyang bokabularyong ginagamit sa Filipino.

Kabilang din dito sa talahanayan 1.2 ang wala masyadong epekto dahil sa pagtatanong sa guro at paggamit ng search engine. Batay sa nakalap na datos may ilang mag-aaral ang hindi masyadong naapektuhan ng mga hamon katulad ng nabanggit ng ilan sa mga kalahok;

*"It doesn't really affect my performance because I can always ask my teacher or I could use search engine to help me*"-kalahok 1-

*"Hindi naman masyadong naapektuhan yung performance ko kasi pwede akong magtanong sa teacher."*-kalahok 5-

Ang pagtatanong sa guro at paggamit ng search engine ay ang ginawang paraan ng mga mag-aaral upang magkaroon ng ideya at maging wasto ang kaalamang nakukuha ng mga mag-aaral sa tulong at gabay ng guro at ng search engine. Nabanggit sa pag-aaral nina Umrah et al, (2025), na gingamit ng mga estudyante ang social media platform tulad ng youtube, facebook at tiktok upang mapahusay ang kanilang wikang Ingles, kabilang ang pagsasalita at bokabularyo, dahil sa patuloy na paggamit sa wikang Ingles na ginagamit upang magkaroon ng ideya ang mga mag-aaral.

***Mga Paraan ng Pagkatuto ng Filipino -*** Ang pagkatuto ay hindi basta-basta, kinakailanagan ng masusing pamamaraan katulad ng mga estratehiya ay istilo ng pagkatuto. Makikita sa susunod na talahanayan ang iba't ibanag paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa isang pribadong paaralan sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 2**
*Mga Paraan ng Pagkatuto*

| Mga Paraan | Mga Tugon | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Pagninilay at Pagtatanong | "I ask myself a question about the lesson and check if my answers are correct"<br>- Kalahok 4<br>"I make my own questions about the lesson and correct my mistakes"<br>- Kalahok 5 | Tinatanong ng mga mag-aaral ang kanilang sarili at pinagninilayan kung tam aba ang kanilang pagkakaintidi sa paksang tinatalakay sa asignaturang Filipino. Tinatanong kung tam aba ang mga kasagutan sa kanilang isipan. |

| | | |
|---|---|---|
| Pagtala ng mga bagong salita | "Nag no notes ako ng new words at nagtatanong sa kaklase kapag hindi ko gets"<br>- Kalahok 2 | Ang pagsusulat ng mga mahahalagang impormasyon ay isa sa mga paraan ng mga mag-aaral upang madaling matuto sa asignaturang Filipino. |
| Paggamit ng Internet at Aklat | "I use the internet to scan and simplify my topics"<br>- Kalahok 1<br><br>"I use the internet to make the lesson easier and my books to understand more."<br>- Kalahok 8<br><br>"I use the internet to make the lesson easier to understand and use books for more details."<br>- Kalahok 6 | Ang mga mag-aaral ay ginagamit ang internet upang maintindihan ang mga paksang hindi masyadong maunawaan. Ginagamit ang internet bilang gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral kasabay nito sinasabayan rin ng pagbabasa ng aklat upang mas maging malinaw sa mga mag-aaral ang paksang tinatalakay upang mapadali ang kanilang pagkatuto. |
| Pagsali sa mga gawain | "Para maintindihan ko ang lesson, sumasagot ako ng quiz at sumasali sa mga activity sa klase. Nakatutulong ito para masanay ako."<br>- Kalahok 3 | Ang pagsali at pagsagot sa mga gawain ay isa sa mga paraan ng mga kalahok upang madaling maintindihan at maunawaan ang paksa sa isang talakayan. |
| Pagbibigay ng halimbawa ng guro | "Mas naiintindihan ko kapag may example si teacher at kapag nagkakaroon ng group work"<br>- Kalahok 2 | Ang pagbibigay ng halimbawa ng guro ay isa sa mga pinagmumulan ng kaalaman ng mga mag-aaral upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. |

Makikita sa talahanayan 2 na ang mga paraan ng pagkatuto ay ang pagninilay at pagtatanong sa sarili, pagtala ng mga bagong salita, paggamit ng internet at aklat, pasali sa mga gawain, at pagtatanong sa guro ang mga paraan na ito ay nagsisilbing gabay o paraan na gingamit ng mga mag-aaral upang mapadali ang kanilang pagkatuto. Ang pagninilay at pagtatanong sa sarili sa mga paksa na hindi masyadong maunawaan ay isa sa mga paraan ng pagkatuto tulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

*"I ask myself a question about the lesson and check if my answers are correct"*-kalahok 4-

Ang pagagatanong sa sarili ay hindi masama, ang ganitong paraan ay may tinatawag na *self-realization* sa wikang Ingles nagsisilbing ebalwasyon ng sariling kaisipan kung tama ba ang o hindi ang pagkaintindi sa na sabing paksa. Sa inilathala ni McLeod (2025), ang pagninilay ay isang proseso kung saan iniisip ng mag-aaral ang kanyang karanasan upang mas maunawaan ang aralin. Ayon din kay David A. Kolb, ang pagkatuto ay mas nagiging epektibo kapag dumaraan sa siklo ng karanasan, pagninilay, pag-aanalisa, at aplikasyon

Kabilang rin sa talahanayan 2 ang pagtatala ng mga bagong salita naman ay isa rin sa mga paraan upang matuto ang mga mag-aaral at upang makakuha rin ng panibagong kaalaman na para sa mga mag-aaral ay ay bago pa ang paksa para sa kanila, halimbawa nalamang sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

*"Nag no notes ako ng new words at nagtatanong sa kaklase kapag hindi ko gets"*-kalahok 2-

Mahalaga ang pagtatala ng mga salita o bagong paksa sa loob ng isang talakayan upang magsilbing gabay at magamit sa araw-araw na pagkikipagtalastasan. Ito ay mahalaga upang mapadali ang pag-aaral ng mga bagong paksa na pinag-aaralan. Sa inilathala ni Kylo (2020), kapag ang mag-aaral ay nagtatala ng panibagong paksa, pinoproseso ang impormasyon. Binibigyang diin ang mahalagang detalye, pinag-uugnay ang mga ideya at hinahati ang isang malawak na paksa sa maliit na bahagi. Ang aktibong pakikilahok sa impormasyon ay nagppataas ng posibilidad na maalala ang ilan, kung hindi man lahat ng iyong natutunan. nabanggit ng inilathala na kung gaano kahalaga ang pagtatala ng panibagong paksa.

Bilang ang mga kalahok ay na sa ika anim na baitang makikita rin sa talahanayan 2 ang paggamit ng internet at aklat, di na linggid sa ating kaalaman na madalas na gamitin ng mga mag-aaral ang internet maging ang mga aklat. Dito dalawa na ang maari nilang gamitin upang makakuha ng impormasyon patungkol sa makabagong ideya

tulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

> *"I use the internet to make the lesson easier to understand and use books for more details."*-kalahok 8-

Ang paggamit ng internet at mga aklat ay isa sa mga mahalaga upang magakaroon ng ideya ang mga mag-aaral. Ito ang ginagamit ng karamihan sa mga mag-aaral na siyang tumutulong sa pagkatuto at kaagapay sa kanilang pag-aaral. Nabanggit sa pag-aaral nina Umrah et al, (2025), na gingamit ng mga estudyante ang social media platform tulad ng Google, Youtube, Facebook at Tiktok upang mapahusay ang kanilang wikang Ingles, kabilang ang pagsasalita at bokabularyo at madagdagan ang kanilang paunang kalaman sa nasabing paksa na kanilang pinag-aaralan.

Makikita rin sa talahanayan 2 na natututo ang mga mag-aaral kapag nakikilahok at sumasali ang mga mag-aaral sa mga gawaing ibinibigay ng guro. Ito ang nagsisilbing paraan ng mga mag-aaral upang madaling matutunan ang isang paksa o aralin, nabanggit ng isa sa mga kalahok na;

> *"Para maintindihan ko ang lesson, sumasagot ako ng quiz at sumasali sa mga activity sa klase. Nakatutulong ito para masanay ako."*-kalahok 3-

Ang pakikilahok sa mga gawain ay isa sa mga mahalagang paraan upang matuto ng ispisipikong paksa maging sa isang asignatura. Dahil ang pagsali sa mga gawain ay hindi lamang ang kognitibong kalaman ang nahahasa bagkos pati ang karanasang makukuha sa mga gawaing ibinibigay. Nabanggit ni Lev Vygotsky na mahalaga ang interaksyon sa pagkatuto dahil dito nabubuo ang mas malalim nap ag-unawa sa konsepto. Kapag aktibong nakikilahok ang mag-aaral sa talakayan, natututo itong magsuri, magpaliwanag, at magbigay ng sariling opinyon.

Kasama rin sa talahanayan 2 ang paraan ng pagkatuto ay sa tulong ng guro. Mas madaling natututunan ng mga mag-aaral ang paksa sa asignaturang Filipino kapag ang guro ay may nakahandang halimbawa tulad sa nabanggit ng isang kalahok,

> *"Mas naiintindihan ko kapag may example si teacher at kapag nagkakaroon ng group work"*-kalahok 2-

Ang mga halimbawang ibinibigy ng guro ay isa sa mga paraan ng mg mag-aaral upang madaling maunawaan ang paksang tinatalakay sa asignaturang Filipino. Sa inilathala ni Lopez (2018), ang pagbibigay ng halimbawa sa pagtuturo ay kritikal upang gawing kongkreto, malinaw, at madaling maunawaan ang abstraktong konsepto. Ito ay nag-uugnay sa teorya at totoon buhay, nagpapataas ng motibasyon, at tumutulong sa mga mag-aaral na magamit ito sa tunay na buhay.

***Mga Mungkahi sa Pagkatuto -*** Makikita sa talahanayang ito ang mga mungkahing ibinahagi ng mga kalahok para sa pagpapabuti ng pagkatuto sa asignaturang Filipino.

*Talahanayan 3. Mga Mungkahi sa pagkatuto*

| Mga Mungkahi | Mga Tugon | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Pagbabasa ng mga Aklat | "To improve learning, I suggest that we should read more books, and use digital tools for practice." - Kalahok 1<br><br>"Magbasa pa kami ng maraming books" - Kalahok 5<br><br>"Para gumaling, dapat magbasa pa kami ng mga aklat at sa internet." - Kalahok 7 | Kinakailanagang magbasa ng marami pang aklat o mga babasahin ng sa ganon ay mas madagdagan at magkaroon ng panibagong ideya para sa paksa sa asignaturang Filipino. Ang pagbabasa ng aklat o iba pang babasahin ay naktutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| Mga akademikong laro | "To have more games about the topics, mas nageenjoy at natututo kapag parang games."<br>- Kalahok 2<br><br>"I suggest having games that can help us learn more words, not only about the lesson."<br>- Kalahok 4<br><br>"We should also have games to learn more words."<br>- Kalahok 8 | Ang mga laro na konektado sa aralin ay isa sa mga suhestyon ng mga mag-aaral upang mas maging madali sa kanila ang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang nasabing laro ay ang hindi nakaugaliang laro kundi ang mga makabong laro na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral. |
| Mga Dula-dulaan | "Role Playing and fun activities can help us improve our vocabulary."<br>- Kalahok 8<br><br>"Need din ng roleplay activity at story telling para sa Filipino."<br>- Kalahok 2 | Ang dula-dulaan ay isa rin sa mga naging mungkahi ng mga kalahok sa pagpapadali ng pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ito ang nagsisilbing tulay ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto gaya ng pag-aaral sa mga akdang pampanitikan. |
| Mas maraming gawain at pagsasanay | "Sana magbigay pa ng mas maraming practice sa pagsasalita."<br>- Kalahok 3<br><br>"Magkaroon ng maraming activities specially sa buwan ng wika."<br>- Kalahok 2 | Ang pagdaragdag ng mga gawain ay iminungkahi rin ng mga mag-aaral ng sa gayon ay mahasa ang kanilang kaalaman at magkaroon ng panibagong kaalaman sa paksang tinatalakay ng guro at ang paksang nais pag-aralan. |

Makikita sa talahanayan 3 na ang mga iminungkahing paraan ng mga kalahok ay ang pagbabasa ng mga aklat at mga babasahin upang maragdagan ang kanilang pagkatuto, tulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

*"Para gumaling, dapat magbasa pa kami ng mga aklat at sa internet."*-kalahok 7-

Ang pagbabasa ay lubos na nagpapalawak ng kaalaman, dito nadaragdagan ang kaalaman mula sa tekstong nababasa, ang pababasa ay nakabubuti para sa isip ng mga mag-aaral upang makakuha ng panibagong impormasyon at makasalubong ng mga bagong salita na magagamit sa pag-aaral. Sa inilathala ni Regal (2026), Mahalaga ang pagbasa sa buhay nga bawat tao sapagkat ito ang nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pagtuklas ng karunungan, kung baga ito ang gintong susi na magbubukas ng pinto sa daigdig ng karunungan at kasiyahan. Maliban sa pagbabasa ng aklat makikita rin sa talahanayan 3 ang mga akademikong laro. Ang mga laro ay may kilaman sa paksang tinatalakay ng mga guro na nagsisilbing paraan ng mga mag-aaral upang madaling matutunan, katulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

*"I suggest having games that can help us learn more words, not only about the lesson."*-kalahok 4-

Ang mga larong ito ay nagsisilbing alternatibong paraan ng mga guro sa pagtuturo na kung saan nagkukuha ng mga mag-aaral an pagkagalak na matutunan ang paksa upang makasali at magtagumpay o manalo sa ibinigay na laro ng guro. Ayon kay Balisacan (2025), ginagamit ang *gamification* ang mga likas na hangarin ng mga tao para sa katayuan, tagumpay, pagpapahayag ng sarili at kumpetisyon upang mag-udyok sa pag-aaral. Ang mga element ng laro ay nagbibigay ng agarang puna upang masubaybayan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pag-unlad at maramdaman ng isang pakiramdam ng tagumpay. Makikita sa inilata na inagamit ang mga laro upang ng sa ganun ay mas mapadali ang pagkatuto.

Makikita rin sa talahanayan 3 at isa sa mga mungkahi ng mga kalahok ang pagbibigay ng mga gawain tulad ng dula-dulaan. Ang dula-dulaan ang nagsisilbing makatotohanang pagpapakita ng mga kaganapang nangyari sa isang akdang pampanitikan na pinag-aaralan ng mga mag-aaral. Ito ang nagbibigay ng malawak na ideya sa mga mag-aaral na nag-aaral ng isang akda, katulad sa nabanngit ng isa sa mga kalahok;

*"Need din ng roleplay activity at story telling para sa Filipino."*-kalahok 2-

Nagsisilbing salamin ng isang akdang pampanitikan ang pagsasagawa ng dula-dulaan ng mga mag-aaral, sa pamamagitan nito mas pinapatalas ang kaisipan ng mga mag-aaral tungkol sa mga nilalaman ng isang akda, sa tulong nito mas napapalawak ang imahenasyon na sinabayan ng pagmomorya sa bawat liny ana makikita sa isang akda. Sa inilathala ni Calpo (2026), ayon sa pag-aaral sa larangan ng edukasyong pangkultura at sining, ang paggamit ng drama o dula sa klase ay napapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral dahil nagiging mas interaktibo at makabuluhan ang pagkatuto. Dagdag pa rito, pinapaunlad nito ang kritikal na pag-iisip at empatiya dahil naisasabuhay ng mga mag-aaral ang iba't ibang sitwasyon at perspektibo. Nabanggit sa inilathala na importante talaga sa pagkatuto ang pagsasabuhay ng isang pangyayari upang makuha ang mga detalye batay mismo sa pagka-unawa ng mga mag-aaral.

At, ang huling hinuha na makikita sa talahanayan 3 ay ang maraming gawain, ang mga gawain ang nagsisilbing pagsasanay sa pagpapatibay o pagpapatatag ng kaisipan ng mga mag-aaral sa isang paksa katulad nalamang sa asignaturang Filipino. Iginiit ng isa sa mga kalahok na kaialangan din na magkaroon ng marami at iba't ibang gawain sa pagkatuto tulad sa nabanggit ng isa sa mga kalahok;

*"Magkaroon ng maraming activities specially sa buwan ng wika.*"-kalahok 2-

Ang pagbibigay ng maraming gawain ay isang paraan upang mapatalas ang mga kaalaman at kaisipan ng mga mag-aaral sa isang paksa, ang pagsasanay sa mga mag-aaral ng maraming gawain ang nagiging tulay upang masanay ang kanilang pag-iisip sa maramihang impormasyon nakakalap na magpapatibay sa kanilang kaalaman. Nabanggit rin sa pag-aaral ni Salazar (2025), na mahalaga ang tuloy-tuloy na pagsasanay upang malinang ang bokabularyo, gramatika, at kasanayan sa komunikasyon. Ipinakita rin na ang kakulanagan sa pagsasanay ay nagdudulot ng mabagal na pagkatuto at hirap sa paggamit ng kaalaman sa tunay na sitwasyon. Dahil makikita sa kanilang pagsasanay na isa sa mga tema ang kakulangan ng pagsasanay an siyang dahilan ng pababa ng kakayahan sa paggawa ng mga mag-aaral.

## 4. Konklusyon at rokmendasyon

***Konklusyon -*** Batay sa natuklasan na resulta sa pagsusuri ang mananaliksik ay nakabuo ng sumusunod na konklusyon:

- Kabilang sa mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral ang mahirap na matandaan ang kahulugan ng mga salita sa Filipino, paggamit ng malalim na salita sa pagtuturo, bilis ng pagtatalakay, at nahihirapan sa pagsasalita ng Filipino. Makikita rin dito ang epekto ng mga hamon tulad ng pagbaba ng marka, kawalan ng kompyansa sa sarili, nahihirapan sa pagsagot sa recitation.
- Habang ang paraan ng pagkatuto naman ay kinabibilangan ng pagninilay at pagtatanong sa sarili, pagtatala ng mga bagong salita, paggamit ng internet at aklat, pagsali sa mga gawain at pagbibigay ng mga halimbawa ng guro.
- At, naging mungkahi naman ng mga kalahok para sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ay ang pagbabasa ng mga aklat, mga akademikong laro, pagsasagawa ng mga dula-dulaan, at mas maraming gawain at pagsasanay.

***Rekomendasyon***

- Inererekominda sa susunod na mananaliksik na palawakin pa ang pagsusuri tungkol sa mga hamon ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Gayun din masulusyunan ang mga epekto nito.
- Iminumungkahi rin na bigyang ideya ang mga mag-aaral ng mga panibagong ideya sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.
- At, pakinggan ang mga iminungkahi ng mga mag-aaral para sa mas madaling pagkatuto ng asignaturang

Filipino.

## 5. Sanggunian


Ahmed, S.K., Mohammed, R. A., Nashwan, A. J., Ibrahim, R. H., Abdalla, A. Q., Ameen, B. M., Khdhir, R.M. (2025). *Using Thematic Analysis in Qualitative Research*. ScienceDirect. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2949916X25000222

Ayton, D. (2024). *Qualitative descriptive research*. OER Collective. https://oercollective.caul.edu.au/qualitative-research/chapter/5/

Balisacan, R. (2025). *Kahalagahan ng gamification sa pagtuturo ng wika, mga laro para sap ag-unlad lipino.* Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/720552247/KAHALAGAHAN-NG-GAMIFICATION-SA-PAGTUTURO-NG-WIKA-MGA-LARO-PARA-SA-PAG-UNLAD-LIPINO

Calpo, C. (2026). *Kahalagahan ng Dula-Dulaan.* Prezi. Sinipi sa: https://prezi.com/p/yh2zgpzrpj_l/kahalagahan-ng-dula-dulaan/

Enriquez, V. (1992). *From colonial to liberation psychology: The Philippine experience*. University of the Philippines Press.

Imperial, J. M., Ong, E. (2021). *Application of Lexical Features Towards Improvement of Filipino Readability Identification of Children's Literature*. Arxiv. Sinipi sa: https://arxiv.org/abs/2101.10537?utm

Inocente, T. (2024). *Research 5*. Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/643750701/Research5?utm

Jimenez, K. M., Jimenez, B., Guzman, G. (2025). *Estilo ng pagkatuto at Akademikong Performans ng mga mag-aaral sa Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Interbensyon*. IJAMS. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/05/2-IJAMS-FEBRUARY-2025-192-211.pdf

Kylo, A. (2020). 5 Reasons Why Taking Notes is Beneficial to Students. Amanote. Sinipi sa: https://amanote.com/blog/2020/09/09/5-reasons-why-students-who-take-notes-are-more-successful/

Lopez, J. (2018). *Estilo Ng Pagtuturo Ng Mga Guro At Ang Aktibong Motibasyon Ng Mga Mag-Aaral*. Academia. https://www.academia.edu/44377640/ESTILO_NG_PAGTUTURO_NG_MGA_GURO_AT_ANG_AKTIBONG_MOTIBASYON_NG_MGA_MAG_AARAL

McLeond, S. (2025). *Kolb's learning Styles and Experiential Learning Cycle.* SimplyPsyhcology. Sinipi sa: https://www.simplypsychology.org/learning-kolb.html

Mercadal, T. (2024). *Social Constructivism. EBSCO*. https://www.ebsco.com/research-starters/religion-and-philosophy/social-constructivism

Nikolopoulou, K. (2023). *What is Convenience Sampling*. Scribd. Sinipi sa: https://www.scribbr.com/methodology/convenience-sampling/

Olarte, J, Rivera, M.M., Dabalos, L.J. Tuastomban, J., Centino, L. (2025). *Perssepsyon sa Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino at ang kanilang Akedemikong Pagganap sa Sekundarya*. IJFMR. Sinipi sa: https://www.ijfmr.com/papers/2025/3/36327.pdf

Prichett, L., Beatty, A. (2015), *Slow down, you're going to fast: Matching curricula to student skill levels.* ScienceDirect. https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0738059314001217?utm

Regal, T.V.K. (2026). *Kahalagahan ng Pagbabasa.* Academia. Sinipi sa: https://www.academia.edu/25529651/Kahalagahan_ng_Pagbabasa

Ruiz, A.S, Alcantara, J.M. (2024). *Multimedia and Paper Annotations in Students' Vocabulary Acquisition.* IJRSE. Sinpi sa: https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v13i13/24103_final.pdf

Salazar, E. (2025). *Pagalalahad ng mga Guro sa Kahalagahan ng Interaktibong Pagtuturo sa Pagkatuto ng Filipino.* EPRA Journal. https://eprajournals.com/IJMR/article/16322

Umrah, W.N., Weda, S., Halim, A. (2025). *The Effect of Social Media on English Language Learning study in Indonesian Secondary Education*. IJLEL. https://journal.unm.ac.id/index.php/IJLEL/article/view/8665?utm

Yangkiling, C. M., (2024). *Teoryang Konstruktibismo*. Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/641328157/Yangkiling-Teoryang-Konstruktibismo-EDUC-126